

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
DURING THE TALK TO THE TROOPS IN JOLO, SULU**

[Delivered at Kuta Heneral Teodulfo Bautista Headquarters in Jolo, Sulu | 13 July 2020]

Kindly sit down. Maraming salamat.

There's a prepared speech for this afternoon. Babasahin ko na lang para --- kasi ito puro naman parang sa inyong mensahe. Dadagdagan ko na lang.

To our brave soldiers who are with us today, I personally came here to thank you on behalf of the Filipino people for your undying service, especially during these trying times.

As we fight the COVID-19 pandemic, lawless elements still take advantage of and ravage across our land, disrupting public order.

Recently, it has been a difficult time for our men and women in uniform due to the escalating tensions between the military and the terrorist groups. On top of this, we have the deaths of your fellow soldiers where certain members of the Philippine National Police were involved.

As your Commander-in-Chief, I grieve for our fallen men. I convey my deepest condolences to you for the death of your comrades.

I already tasked the National Bureau of Investigation to do justice by conducting an immediate and impartial investigation to ferret out the truth. *[Nandito ba ang NBI? Is the NBI here?]*

It is my hope that this isolated incident will not spark any animosity between the Armed Forces of the Philippines and the PNP.

Alam mo the imponderables of life hindi talaga natin makita nor can we project the future of what things will happen or not happen. Gusto natin na ang mangyari araw-araw ay mangyari sa kagustuhan natin.

Iyan ang gusto ng tao. But sometimes it can turn to something more than just what we ordinarily expect. Iyong mga bagay na hindi natin akalain na mangyari ay nangyayari. We don't have the answer for that. We know that there is a certain hatred or anger there, or if there is none, then a misunderstanding that led to the shooting.

As your Commander-in-Chief and as President of the Republic of the Philippines, I assure you that I will see to it that the truth will come out be it in favor of the police or the military. Ang hinihingi ko lang ang totoong nangyari.

So you can rest assured that justice will be done to the family at sa mga tao dito sa --- ang mga tropa dito sa Jolo.

Remember that our progress as a nation has been for decades hindered by insurgency and terrorism. That is why you have my utmost respect as you risk your lives in the name of peace, security, and development efforts in our region.

Alam mo --- Sakur, happy birthday. Timing ang lahat at *[applause]*... Kung gusto mo i-blow-out na lang kita doon sa Pagbabago. If you want to take the plane with me in going back to Manila, I invite you para ma-blow-out naman kita.

You know Sakur alam ko na masakit rin sa iyo. Alam ko hindi ko na tataguin ang puso ko. Alam ko na right or wrong basta may isang Tausug namatay, dumudugo rin 'yung kasing-kasing mo kasi alam ko na ayaw mo pero 'pag may nangyari namatay, patay is patay at alam ko as a Tausug maski na papano masakit sa iyo. Alam ko 'yan.

Kaya ang magarantiya ko sa iyo na ang totoo lalabas at lalabas at lalabas in fairness to the Tausug, policemen and to the soldiers who died. Kaya lang wala tayong option eh. Hindi natin 'to puwedeng taguin, hindi natin puwedeng laruan ito kasi hindi maganda ang labas.

We would have a more serious trouble if we play with the people's lives, mga buhay ng sundalo. So tanggapin mo rin my condolences para sa nangyari. But ako dito since I work for the government siguro maintindihan mo rin balang- araw.

May gusto akong sabihin sa inyo. It is not that I am inordinately proud of it but that was actually a part of my campaign. Sinabi ko sa inyo noon kung nakinig kayo sa akin, I never really expected to win. Sa rating up to the last hour, hanggang four lang talaga ako. In the lineup of four candidates, four lang ako.

But I promised you something sabi ko corruption mahina 'yan. Alam ko sinabi ko narinig ninyo 'yan. Iyang Customs sinsilyo lang 'yan, BIR sinsilyo 'yan. Ang corruption na bilyon sa taas. Sinabi ko sa inyo 'yan.

And I dare challenge anybody na sabihin nila I am lying. Sinabi ko 'yan in my own language. Medyo pagkabastos pero sabi ko itong mga mayaman na ginagatasan ang gobyerno pati ang tao.

Without declaring martial law, sinira ko 'yung mga tao na humahawak sa ekonomiya at umiipit at hindi nagbabayad.

They take advantage sa kanilang political power. Ganoon 'yan. Sakur, ganoon 'yan. Every election noon o sa ngayon o bukas sabihin nila sa isang kuwarto lang 'yan, 'O adre, sinong kandidato natin ngayon? O ikaw diyan, ikaw ang bahala sa ano ha, you raise the funds.'

Lima ata lang ang tao. Isang pamilya lang ang nag-uusap diyan. Ganun nilaro nila ang bayan ko. Kaya ako mamatay, mahulog 'yung eroplano, p***** i**, I am very happy. Alam mo bakit? Sabi ko without declaring martial law, I dismantled the oligarchy that controlled the economy of the Filipino people.

Ganoon, Sakur, hindi kami. Nagpapakamatay nga itong mga sundalo ko p***** i** para sa kanila just to prop up a government, 'yung gobyerno ko, na useless naman kung nandiyan sila.

Kaya ako kung mag-decide kayo na tanggalin ako, mas mabuti. P***** i**. Kasi ayaw kong maghawak ng gobyerno na wala akong magawa. May mga batas kasi.

Pero ito two years ipitan ito. Ngayon, after two years, 'pag paalis ako wala pang nangyari, alis ako. At least nakita na ninyo, bahala na kayo. Bahala na kayo. Hindi ko na kontrolado iyan.

Ngayon 'yung sinasabi nila na "si Duterte hindi statesman", "masama ang bunganga nagmumura," o totoo. P***** i**, totoo. Totoo kasi galit ako sa p***** i** ninyo. T*** i** kung anong pinaggagawa ninyo sa bayan ko.

Iyon ang gusto kong sabihin sa iyo Sakur na... Alam ko ang Moro hindi talaga rin kuntento kasi ang Moro nauna dito sa Mindanao and the Christians came later. As a matter of fact, if you are not an Islam, you are a dayo kasi walang nitibong dito na Kristiyanos, puro Islam. Kaya naintindihan ko. Naintindihan ko rin 'yung galit ninyo.

Gusto rin namin na magbago sana --- magbago ang tingin namin sa inyo at maibigay sa inyo 'yung mas magandang arrangement. Gusto ko na magbago ang arrangement para mapagbigyan kayo.

Ang mga p***** i** kasi dito magplano ka ng electric, may mag-apply kaagad, sila rin, walang ma...

Ako nga gusto ko mag-usap... Alam ko dahil diyan sa sakit ninyo. I know. I know how to be a revolutionary and how know --- I know how cruel can it be. Alam ko kung anong mangyari sa... Parang aso ng...

Alam mo sa totoo lang every time na... Alam mo kung bakit binilhan ko ng .45 'yung mga sundalo ko, Sakur? Sinabi ko sa kanila, iyang .45 ninyo tatlong magazine 'yan, it comes with three magazines. One is deployed, ang isa, dalawa dito. 'Pag fight na ganun naubos, bunutin mo pa 'yung isang magazine, wala ka ng M16. Pero 'yung last magazine kainin mo, kainin mo para sa sarili mo because I would rather see my soldier dead than iharap sa video tapos gulgulin parang manok.

Sabi ko iyan, kasi 'pag ako rin ang na-corner ganun rin ang gawain ko, kakainin ko 'yung bala. Sabihin --- hindi ito sabihin na tinatakot kita o ano. I am just sad kung bakit ganun patayin ang tao na gugulgin pa sa harap na... Sa mga kapwa ko Muslim, sa kaunti-kaunti kong pagka-Muslim, hindi ako maligaya nang ganun.

Total warrior tayo. If you are a warrior, a Tausug warrior, or a soldier, or ano, isang bala lang. 'Pag namatay na 'yan, 'yon. Pero ang style ng gulgol, it creates more hatred.

Alam mo ang una kong ano, magprangka ako ngayon pero huwag kang magalit. Salita lang ito kasi gusto kong makipagkaibigan sa lahat. Kalimutan ko na kung anong kasalanan nila. Mag-usap lang tayo.

Ang sabi ko sa mga sundalo na nakita ko, 'pag ganoon --- 'pag ganoon ang ginawa ng kasama ninyo bago kayo mag-alis, 'yung lahat ng patay diyan na kalaban, bitawan mo isang magazine ang mukha ng M16. Isang --- ubusin mo 'yung magazine ng --- isang magazine sa M16 para wala ka na ring makitang --- puro buto na lang pati utak.

Ganoon ang sentimiyento ko. So pakisabi lang sa kanila na... Hindi --- hindi order 'yan. Iyang sort of sa galit na kung ako sa inyo, ganoon ang gawain ko. Bago ako mag-alis, ubisin ko ang isang magazine sa mukha mo.

Iyan ang... Ako, may dala-dalang sentimiyento eh. I feel for the Muslim. Eh kakaunti, lola ko lang naman eh. Pero the fact that she's a Moro, masasaktan ako na umabot tayo sa hantong na ganito. If we just can be...

I am just asking, sabihin ko lang sa mga Moro: Be a warrior. Period. Because ang Pilipinas cannot do 'yung mga ginagawa nila as a... Sa taga-gobyerno, we are not allowed to do crazy things like that na sinabi ko na ubusan.

Pero kung ako siguro ang sundalo at kung may nalaman akong sundalo na gumawa no'n, I would not --- you know --- I would not begrudge him kasi masakit talaga.

So the earlier, may dalawang taon pa tayo if we can... I'm going --- I'm ready to open the borders.

I know that wala na masyadong barter trade kasi lahat 'yung binibili ng mga Indonesians dito sa atin, nandiyan na sa kanila ngayon eh. Eh noon wala silang manufacturing. But if there is a way which we can arrange another --- maski big time coal tapos 'yung safe passage lang ng mga sundalo ko na hindi sila ma-ambush sa --- ma-hijack, okay na sa akin 'yan. Mag-usap tayo. Marami diyan.

Alam mo ang pinaka ano is coal. At maniwala ka, coal will be used for the next 30 years. Hindi 'yung sabi nila na ano 'yung sa --- the --- the sun. Wala 'yan. Hindi, hindi... It cannot sustain as yet the technology cannot sustain it. lilan lang, parang baterya, ilan lang ang makarga niyan. We have yet to invent a new one.

Maraming mas big time pa na negosyo. If we can just, then they can participate in the... Tayo ang mag-usap. Kung yayaman ka diyan, mas maligaya ako. Kaibigan kita eh.

Iyong may --- 'yung kaibigan kong tumutulong, 'pag yumaman ka nang yumaman, mas maligaya ako. Tatal ako, happy na ako sa buhay ko. But I want you to get rich. But we have to talk because there is so much that we can do business.

Hindi naman sabihin ng mga Moro na api sila, wala na silang hanapbuhay na maganda. They can have a monopoly of the barge there. Hindi na kami --- kaming gobyerno ng Pilipinas, hindi na kami magkarga. Ibhuhos mo na lang dito.

Iyong transit niyan, I can concede it to you. But that would... I hope that would come within the next two years. Hanggang two years na lang ako eh. So pero ang tingin ko kaya papunta dito tingin ako sa eroplano, "Ano bang sabihin ko sa kanila doon na in my own words?"

Sabi ko sa lamesa, sabi ko ang oligarchy ng Pilipinas binuwal ko talaga. Iyan ang... Iyan ang sentimiyento ko rin para malaman mo rin.

So it's your birthday. I pray to Allah that you will be given a longer life, pursue peace in the Philippines, and uplift the lives of the Tausug and every Moro in Mindanao.

You have indeed accomplished so much in fighting the Abu Sayyaf Group in recent years, and this led to significant strides towards crushing them for good.

Let me assure you that as you fight to protect our nation, your needs and those of your families will be taken care of. The government will continue to implement policies and programs that will secure your future.

Wala na 'yang mga plaster cast, plaster cast. If you are injured, lose a leg, do not worry. You will run faster. I'll give you the titanium. It's a matter of sacrifice 'yung pag-training. After that, okay na 'yan. You can fight again.

At alam mo, bale gusto ko lang --- a warning also to those who are administering it, be the military or civilian. Ang AFP Center, may 50 million 'yan; ang V. Luna, 50 million a month. Wala pa kasali 'yung mga ano. Medisina lang 'yan ha? Medisina lang 'yan para sa inyo-inyong pamilya. Dalhin ninyo doon. Hindi maubos ninyo 'yan. 'Pag magkasakit na ganoon, 50 --- a month 'yan. Noon, that's a one-year supply for medicines 'yan. Ako, a month. So dapat malaman ng sundalo na mayroon kayong privilege na ganoon na hindi ko ibinigay ng iba.

Binili ko na lahat ang equipment na kailangan ninyo, baric, I hope tapos na 'yung building ninyo. I promise you 'yung --- ano itong tumutunog na sound? *[Ano bang tawag diyen, Bong?]* *[Senator Go: MRI]* MRI. P***** j**, matanda na talaga ako. MRI.

At saka 'yung ano --- ang karamihan diyen is... I'd like to send a --- I have a friend who is the chief of the Cincinnati Orthopedic Hospital. It has something to do with bones. Ito si Eddie Boy Lim is from Davao. Iyong General Motors nandiyan sa V. Luna, kanila 'yan. The guy is simply brilliant. Summa cum laude sa UP 'yan. Ang kapatid niyang babae, summa cum laude rin. They are doctors. Eddie Boy is practicing in the United States. I hope that if he would come home, I'd like him to just be a consultant or actually work for the soldiers.

Mahusay itong taong 'to. Talagang chief ng Cincinnati Orthopedic Hospital. He is coming. He comes regularly. This time, I am try --- I'll try to talk to him and kung puwede ba. Being a Filipino once upon a time kasi nag-migrate na, naging Amerikano, if he can come back to do a little service before he retires para sa mga sundalo ko.

You have a crucial role to fulfill that relates to a cause higher than yourselves. I move forward with you as we advance the common good and promote the security of the nation.

With your continued support and commitment, I am confident that terrorists and all those who want to bring our nation down will have no place in our country.

So I pray and I hope --- and I hope and I pray na something will come up. Kaya ako wala akong ano. I assure you kayong mga sundalo, there is never a transaction paper sa table ko. I do not allow --- nandiyan si Delfin --- your purchases of whatever, barko na --- hindi dumadating 'yan sa Malacañan. It starts and ends with him.

DTI ganun, it starts and ends with the secretary. Ganun ang Tourism. Hindi ako humahawak ng pera kaya ako 'pag bumira bibira talaga ako kasi wala kang makuha sa akin. Ang dala-dala ko lang 'yung suweldo ko.

Kaya sabi ko sa anak ko, kay Inday, ano --- sabi ko, "Day, p***** i** 'wag mong pasukin 'yang trabaho na 'yan." Puwera gaba lang, huwag naman sana masamain ninyo. Sabi ko, magtrabaho ka diyan? Wala kang makuha unless gusto mong mamera, ah kaya. Pero kung sabihin mo magtrabaho ka lang presidente? Susmaryosep.

Suweldo mo 194,000. Ang ibang generals dito mas malaki pa sa suweldo ko, totoo lang. Sinabi ko kay Inday 'wag kang mag-presidente unless you see something na kaya mo para gawain mo sa bayan. Pero if just a matter of ambition, lay off. Wala ka talagang makuha diyan, pagod lang. Magpunta ka doon sa bukid, kung ano-ano, kung saan-saan ka na lang because of service.

Pero kung sabihin mo na ano --- kung hindi ka magnakaw, ah p***... Wala, pagod lang. Unless you are driven by patriotism. O 'yan, kung gusto mo talaga mag-service sa bayan mo, ah sabi ko --- kaya sabi ko sa kanya in English they say, "if you cannot stand the heat in the kitchen, get out." Sa politika 'pag mainit 'yan hindi mo kaya 'yung ano.

Dito naman ang nagturo sa akin niyan si Delfin Lorenzana when I was still a mayor many, many years ago. Kumakain kami tapos may newspaper. Andiyan na naman o. Sabi ni General Lorenzana, "Alam mo Rod, 'yang sa politika --- sa politika, pildi ang maglagot." Maglagot ka, masuya ka, talo ka. Iyon ang ating pang-answer sa "if you cannot stand the heat in the kitchen, get out". Dito sa Pilipinas 'yan, maglagot ka, pildi ka.

So I am very happy that I am with you today at nagkataon pa na birthday mo Sakur. I hope we'd remain friends. Wala akong agenda na patayin ang mga Moro. Wala, kat --- katarantaduhan 'yan.

And I say you cannot do it, and why should you do it? Mabuti't na lang nandito ka, nakinig ka. At maligaya ako sa mga sundalo kong... Do not worry. I will stand by you. Sabi ko lahat ng kailangan ninyo para ma-normal kayo, ibibigay ko sa inyo. Walang bola. Lahat na nangyari sa mga kasama ninyo, they are now productive. Lahat sila may trabaho.

Iyang Defense department, alam mo 'yan parang a huge employment agency. Diyan ko sinasaksak lahat 'yang marunong na mag-computer. Kung maalaala ninyo 'yung sundalo na yumakap sa akin na umiiyak kasi bulag siya. Sabi ko huwag kang umiyak papaka...

You know I'll restore you to productivity. Tapos sabi ko bakit ka...? Tatal nakita mo na lahat. Nahipo mo na lahat. Ano pa bang gusto mo? Eh trabaho. Ngayon, he's an expert sa computer sa Aguinaldo. And I am happy.

So I'm happy today that we had this tête-à-tête between just us. Hindi man ito pang... Kasi ayaw kong magyabang eh. Ayaw ko kasi magyabang kaya sabihin ko sa kanila huwag na ninyong bitawan 'yan sa ibang ano --- solohin na ninyo.

Maraming salamat po. *[applause]*

--- END ---

